# GABAY SA KALAMIDAD
## PARA SA MGA TAONG NAKARARANAS NG
# KAWALAN NG MATITIRAHAN

HANDA CALIFORNIA

CALIFORNIA ALL

FIL

**FILIPINO**

**MAKUKUHA RIN SA:**

English
Español
中文
Tiếng Việt
한국어
Lus Hmoob

**MGA SERBISYO SA EMERGENCY NG TANGGAPAN NG GOBERNADOR:**
CalOES.ca.gov

CDSS

**KAGAWARAN NG MGA SERBISYONG PANLIPUNAN NG CALIFORNIA:**
CDSS.ca.gov

CALIFORNIA HOMELESS COORDINATING AND FINANCING COUNCIL

**AHENSYA SA NEGOSYO, MGA SERBISYO SA MAMIMILI AT PABAHAY NG CALIFORNIA:**
BCSH.ca.gov

## SAAN MAKAKAKUHA NG MGA ALERTO AT IMPORMASYON




Ang mg aalerto ay makapagbibigay sa inyo ng ilang minutong babala upang ilayo sa panganib ang inyong mga kagamitan, inyong alagang hayop at inyong sarili.

- Kung kayo ay may cell phone at access sa Internet, mag-sign up sa **CalAlerts.org** para sa mga alertong pang-emergency na ipapadala sa inyong telepono. Bisitahin ang website ng inyong county upang mag-sign up para sa iba pang mga alertong lokal.
- Kung kayo ay may nabibitbit na radyo, makinig sa impormasyon tungkol sa emergency.
- Kung kayo ay gumagamit ng social media, sundan ang **@CAL_FIRE** sa Twitter.

## UMALIS KUNG KAYO AY SINABIHAN



Kung kayo ay nakatira sa labas at nakakuha ng isang alerto sa inyong telepono upang lumikas, kunin ang mga bagay na importante sa inyo at umalis.

2-1-1 Get Connected. Get Answers.

Tawagan ang **2-1-1** upang makakuha ng impormasyon tungkol sa mga paglikas at mga kanlungang pang-emergency. Ang operator ng 2-1-1 ay maaari ring magsabi sa inyo kung alin sa mga kanlungan ang tumatanggap ng mga alagang hayop.



Kung kayo ay sinabihan ng mga opisyal ng bumbero o pulis na lisanin ang inyong kinaroroonan, tanungin sa kanila kung saan kayo maaaring pumunta upang maging ligtas.

## MGA TIP UPANG MAKALIGTAS SA BAHA





Kung kayo ay nasa labas sa panahong malakas ang ulan, lumipat sa mas mataas na lugar. Ang tubig ay maaaring tumaas sa mga kanal sa kalapit na mga kalye at umapaw sa batis at mga pampang ng ilog.



Ang pag-camping sa kahabaan ng tubig ay palaging mapanganib. Hindi ninyo alam kung kailan maaaring bumaha sa mga ilog, sapa o kanal.



Kung kayo ay sinabihang umalis, umalis. Huwag maghintay hanggang sa makita ninyo ang tumataas na tubig upang kunin ang inyong mga kagamitan at pumunta sa mas mataas na lugar.



Huwag maglakad sa rumaragasang tubig. Maaari itong magpatumba sa inyo, at hindi ninyo masasabi kung gaano ito kalalim o kung ano ang itinatago ng tubig.

### KUNG KAYO AY MAY KOTSE

- Maghanap ng mga ligtas na paradahan sa mataas na lugar kapag ang malakas na ulan ay tinataya.
- Kung kayo ay nakakuha ng mga babala tungkol sa pagbaha, ilipat ang inyong sasakyan sa mas mataas na lugar.
- Huwag magmaneho sa mga tubig-baha o pumasok sa isang sasakyan kung ito ay nasa tubig-baha.

# MGA TIP UPANG MAKALIGTAS SA WILDFIRE

## BAGO

Huwag magtapon ng mga upos ng sigarilyo sa lupa. Ang isang wildfire ay nagsisimula sa isang kislap lang.

Ilayo ang mga tuyong dahon, sanga at basura nang 30-100 talampakan mula sa kung saan kayo natutulog.

Maging masyadong maingat kung inyong marinig na ito ay isang Red Flag Day (ang panahon na maaaring humantong sa napakatinding sunog).

Kung kayo ay may kotse at pakiramdam na nasa panganib ng wildfire, pumarada sa isang lugar na **HINDI** mapuno o madamo.

## HABANG

Ang mga mask na tela o mga bandana ay hindi makapoprotekta sa inyo sa usok ng wildfire. Maghanap ng lugar sa loob ng bahay kung posible.

Protektahan ang inyong sarili laban sa init at mga lumilipad na baga sa pamamagitan ng pantalon, mahabang mga manggas at sombrero.

Makinig sa mga anunsyo mula sa mga tauhang pang-emergency at umalis agad kapag inirerekomenda ang paglikas.

# MGA TIP UPANG MAKALIGTAS SA ISANG LINDOL

Protektahan ang inyong sarili kapag yumayanig ang lupa:

- **DROP** kung saan kayo naroroon sa  inyong mga kamay at tuhod
- **COVER** ang  at leeg ng isang braso at kamay
- **HOLD ON** hanggang huminto ang pagyanig

Kung kayo ay nasa loob, manatili sa loob at pumunta sa ilalim ng mesa, **COVER** at **HOLD ON.**

Kung kayo ay nasa labas, lumayo sa anumang bagay na maaaring mahulog at makasakit sa inyo.

Maging handa sa mga aftershock.

Kung kayo ay nakulong sa isang gumuhong gusali, protektahan ang inyong bibig, ilong at mga mata sa alikabok. Kung kayo ay may cell phone—tawagan ang 911 kung kaya ninyo. Kalampagin ang tubo o pader upang tulungan ang iba pa na hanapin kayo.

# PAANO MAGHANAP NG KANLUNGAN AT TULONG NA INYONG KAILANGAN



Kung kayo ay may mga alalahanin tungkol sa paghahanap ng kanlungan sa panahon ng isang kalamidad, mangyaring alamin:



Ang lahat ay tinatanggap sa mga kanlungang pang-emergency.




Sa ilalim ng batas ng estado ng California, lahat ng pampublikong kanlungan ay dapat napupuntahan at walang sinuman sa nagpapatakbo ng isang kanlungan ng paglikas ang maaaring humingi sa inyo ng inyong ID.



Kapag kayo ay nakarating sa ligtas na kanlungan, maaari kayong humiling na makigamit ng telepono upang malaman ng inyong mahal sa buhay na kayo ay ligtas.

# COVID-19



**COVID19.ca.gov**

Maghanap ng isang lugar ng pagsusuri sa **COVID-19** na malapit sa inyo. Kung kayo ay walang access sa internet, tawagan ang **1-888-634-1123.**

Kung kayo ay walang insurance o may Medi-Cal ngunit hindi isang regular na doktor, tawagan ang **"Medi-Nurse,"** isang magagamit na linya ng payo ng nurse na 24/7 upang makipag-usap tungkol sa mga sintomas ng **COVID-19** sa maramihang wika, sa **1-877-409-9052.**

# MGA MAPAGKUKUNAN SA EMERGENCY

**211CA.org**
I-dial ang 211 para sa mga ruta ng paglikas, mga kanlungan.

**CalAlerts.org**
Mag-sign up upang makakuha ng mga alerto ng inyong County. Kumuha ng app ng babala sa lindol ng MyShake.

**CalOES.ca.gov**
Mga gabay, alerto at pagkukunan ng estado.

**Response.ca.gov**
Real-time na balita sa wildfire at kanlungan.

**Ready.gov**
Mga mapagkukunan upang maghanda sa anumang kalamidad.

**CDSS.ca.gov/county-offices**
Makipag-ugnayan sa tanggapan ng kapakanan ng inyong county upang ma-acess ang mga serbisyo sa pabahay at kawalan ng tirahan.

**BCSH.ca.gov/hcfc/documents/coc_poc.pdf**
Makipag-ugnayan sa inyong Homeless Continuum of Care (Nagpapatuloy ng Pangangalaga sa Walang Tirahan) upang ma-access ang mga serbisyo sa pabahay at kawalan ng tirahan.